Student/Registration Number | | | | | | | | | | | Centre Number | | | | | | |

## 2003 PUBLIC EXAMINATION

# Filipino

## Continuers Level

**Tuesday 21 October: 2 pm Eastern Standard Time**

Reading Time: 10 minutes
Working Time: 2 hours and 50 minutes

- *You have 10 minutes to read all the papers and to familiarise yourself with the requirements of the questions. You may not write during this time.*
- *Monolingual and/or bilingual printed dictionaries may be used.*

## Section 1: Listening and Responding (30 marks)

**Instructions to Students**

1. Allow about 50 minutes for Section 1.
2. Write all your answers to the questions in Section 1 in this booklet in blue or black ink or ball-point pen. Space is provided for you to make notes.
3. You must answer ALL questions in Part A and Part B.
4. Answer Part A in ENGLISH and Part B in FILIPINO.
5. Write your student/registration number and the centre number (if required) on the front cover of this booklet.
6. All question booklets will be collected at the end of the examination.

*This examination is used for the HSC (New South Wales), the NTCE (Northern Territory), the SACE (South Australia), the TCE (Tasmania), the VCE (Victoria), and the WACE (Western Australia).*



© Board of Studies NSW 2003

## Part A

**20 marks**
**Attempt Questions 1–4**

---

*When judging performance in this part, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates the capacity to:*

- *understand general and specific aspects of texts by identifying and analysing information and convey the information accurately and appropriately*

---

You will hear FOUR texts. Each text will be played twice. There will be a short break between the first and second playings in which you may make notes.

Listen carefully to each text and then answer the questions in ENGLISH.

**Marks** | You may make notes in this space.

**1.** What is the purpose of the Captain's announcement? **1**

(A) To announce when the plane will land at Sydney International Airport ☐

(B) To introduce himself ☐

(C) To explain an unexpected delay and to apologise for the inconvenience ☐

(D) To give details of the weather passengers can expect on landing ☐

**2.** (a) Where is this conversation taking place? **1**

(A) In the dining room ☐

(B) In the kitchen ☐

(C) In the son's bedroom ☐

(D) In the lounge room ☐

**Question 2 continues on page 3**

Marks

You may make notes in this space.

Question 2 (continued)

(b) What aspects of the son's behaviour have led his mother to speak to him as she does? **4**

3. (a) What kind of business is Pam starting? **1**

(A) A computer software company ☐

(B) A webpage design company ☐

(C) An advertising company ☐

(D) An Internet chat service ☐

**Question 3 continues on page 4**

Marks

You may make notes in this space.

Question 3 (continued)

(b) What evidence is there in the text to support the view that Pam will be successful in her new business? **6**

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

**4.** (a) Jessica and Anthony are **1**

(A) applicants for a job. ☐

(B) candidates for scholarships. ☐

(C) auditioning for a show. ☐

(D) running for student president. ☐

**Question 4 continues on page 5**

Marks | You may make notes in this space.

Question 4 (continued)

(b) What are the main aspects of Jessica's and Anthony's personalities as discussed by the speakers? **6**

Jessica: ___

Anthony: ___

## Part B

**10 marks**
**Attempt Questions 5–6**

---

*When judging performance in this part, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates the capacity to:*

- *understand general and specific aspects of texts by identifying and analysing information*
- *convey the information accurately and appropriately*

---

You will hear TWO texts, one relating to Question 5 and one relating to Question 6. Each text will be played twice. There will be a short break between the first and second playings in which you may make notes.

Listen carefully to each text and then answer the questions in FILIPINO.

**Marks** | You may make notes in this space.

**5.** (a) What is the purpose of the phone message? **1**

Ano ang layunin ng mensahe sa telepono?

(A) To make bookings to the show ☐

(B) To participate in the show ☐

(C) To sell traditional food ☐

(D) To invite members for Silahas Music entertainment ☐

(b) Describe the effects this celebration will have on the audience. **2**

Ilarawan ang epekto ng pagdiriwang na ito sa mga manonood.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

Marks | You may make notes in this space.

**6.** (a) What is the purpose of the interview? **1**

Ano ang layunin ng interbyung ito?

(A) Upang purihin ang mataas niyang grado ☐

(B) Upang kumustahin ang kanyang magulang ☐

(C) Upang alamin ang mga komentaryong sinulat ng kanyang mga guro. ☐

(D) Upang pag-usapan ang kanilang pag-aalaala tungkol sa pag-aaral ☐

(b) How successful is the principal in conveying his point of view? **2**

Paano naging matagumpay ang punong-guro sa paghihiwatig ng kanyang kuro-kuro?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

(c) How does the language used in this exchange reflect the relationship between the speakers? **4**

Paano makikita sa pag-uusap ng dalawang ito ang kaugnayan nila?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**End of Section 1**

BLANK PAGE

**2003** PUBLIC EXAMINATION

# Filipino

## Continuers Level

### Section 1: Listening and Responding

# Transcript

© Board of Studies NSW 2003

## Section 1, Part A

### Question 1

Mga Ginang at Ginoo, ito po si Kapitan Rivera. Malamang na sa loob ng apat-napung minuto tayo ay lalapag na sa Sydney Internasyonal Airport. Subalit, dahil sa hindi malinaw na pananaw sa paligid ng Sydney Airport, itong eruplano ay lalapag ng pansamantala sa Brisbane Internasyonal Airport hanggang sa makatanggap ng hudyat galing sa Weather Bureau na nagbibigay ng pahintulot. Maraming salamat po, at ipagpaumanhin ninyo ang kaabalahan.

### Question 2

NANAY: Iniwan kita kaninang umaga sa iyong silid. Dinatnan pa rin kitang nakikipag-kuwentuhan sa internet! Nag-aaksaya ka ng oras sa walang kabagaybagay na gawain.

JOHN: Inay, alam naman po ninyo na ito lamang ang paraan upang ako'y makipagtalastasan sa aking mga kaibigan sa Pilipinas.

NANAY: Subalit anak, alam mo naman na tayo ay may mga tuntunin na dapat sundin. Bago ka makipagkuwentuhan sa internet ay tapusin mo muna ang mga gawaing-bahay. Ang mga damit mo ay nagkalat sa lapag. Ang mga pinggan ay hindi pa nahugasan simula kaninang umaga. Nakalimutan mo na ba ang iyong gawaing-bahay?

JOHN: Alam ko po, Inay. Labis akong nabuhos sa kuwentuhan sa internet. Huwag kayong mag-alaala. Gagawin ko po ang lahat mamaya.

### Question 3

NILO: Hi, Pam! Oo nga pala nasa "uni" ka pa ba?

PAM: Wala na. Huminto muna ako dahil hindi ko nagustuhan ang taong ito. Kasisimula ko lang ng sarili kong negosyo.

NILO: Anong klaseng negosyo?

PAM: Nagdidibuho ng "web site". Marami akong magandang ideyang nakuha sa "uni", sa "internet", at sa mga kaibigan.

NILO: Wow! Nakakagalak iyan! Talagang mula't mula naman mahilig ka sa kompyuter 'di ba?

PAM: Oo, ako din ay nagagalak. Alam mo naman ako — palaging handang makipagsapalaran, at madalas naman sinusuwerte ako.

Pinaghandaan kong mabuti ang negosyong ito, kaya tiwala ako.

NILO: Paano ka mag-aanunsiyo?

PAM: Sa "internet", siyempre. Namigay din ako ng polyeto sa "shopping centre". At Pinagsasabi rin ng mga kaibigan ko.

Mura ang singil ko upang makaganyak ng kliyente.

NILO: "Good luck"! Hanga ako sa kusa at sigla mo.

PAM: Ganitong trabaho ang talagang gusto ko. Kung kikita ako ng pera isang dagdag na pakinabang ito!

**Question 4**

GNG RUIZ: Batay sa resulta ng pampaaralang ulat, mga sulat na rekomendasyon, at pakikipanayam, talagang masasabi natin na si Anthony at Jessica ay ang dalawang napili na karapat-dapat na tumanggap ng iskolarsip sa pamantasan.

GNG MIRANDA: 0o, si Jessica ay kawiliwili at mahinhin. Kahit na wala siyang eksperyensiya sa ano mang trabaho, gayunman, kinikilala siya ng kanyang mga guro na masigasig, lista at sabik na magtagumpay. Tapat siya sa pagtupad ng mga gawain. Naniniwala siya na ang kaalaman ng isang tao sa kanyang pananagutan ay makatutulong upang siya'y magtagumpay.

GNG RUIZ: Ayon sa manedyer ng kompanyang dating pinagtatrabahuhan ni Anthony, siya daw ay may pagkukusa, masigasig at mapagkakatiwalaan. Pinupuri siya sa kanyang kasipagan sa trabaho.

GNG MIRANDA: Nakapagtrabaho siya bilang isang ahente at may mga katungkulan sa opisina. Madali ito para sa kanya at ito'y kanyang ginawang walang pagkakamali. Maganda ang kanilang pagtutulungan na magkakasama.

GNG RUIZ: Pagkakasakit ang dahilan ng pagtigil ni Anthony sa trabaho. Malayo rin kasi ang kanyang pinanggagalingan. Dahil wala siyang sasakyan at hindi siya marunong magmaneho, napilitan siyang tumigil. Naghahanap siya ng bagong mapapasukan.

GNG MIRANDA: Ayon sa kanilang dalawa, marami silang iba't-ibang sinalihan. Si Jessica ay mahusay tumugtog ng mga instrumento. Isa siyang tanyag na mang-aawit, mananayaw at mandudula. Palaging kasali siya sa mga palabas.

GNG RUIZ: Bilang pangulo ng mga mag-aaral, si Anthony ay humihingi ng tulong para sa mga mahihirap upang mapabuti ang kanilang kalagayan. Siya ay marangal, may konsiderasyon at mapagparaya sa pananampalataya at kultura ng iba'-tibang lahi.

GNG MIRANDA: Maganda ang impresyon ko sa kanilang dalawa. Sila ay kahanga-hanga. Tiyak na sila ang pinakamagaling sa lahat ng aplikante.

GNG RUIZ: Totoo 'yan, wala akong alinlangan na sila ang pinakamahusay.

## Section 1, Part B

### Question 5

Phone message

Ring… ring… ring…

Ito ang Silahis Music Entertainment. Tumatanggap kami ngayon ng palaan ukol sa nararating na konsiyerto sa pagdiriwang ng Independensiya ng Pilipinas sa ika-labing dalawa ng Hunyo. Mababakas ang tunay na diwa't kaluluwang sadyang likas sa ating lahi sa mga nakalilibang na palabas ng mga artista. Iba't-ibang pagkaing sariling atin ang mabibili sa liwasan, na tatampulan ng mga paputok sa katapusan ng pagdiriwang.

### Question 6

PRINCIPAL: Kumusta ka Christina? Maupo ka. Natanggap mo na ba ang iyong report?

CHRISTINA: Opo. Binigay po ni Ginang Paredes sa akin kahapon. Napagalitan nga po ako ng mga magulang ko. Masamang-masama ang loob nila at hanggang ngayon ay hindi pa nila ako kinakausap.

PRINCIPAL: Nai-intindihan ko ang nararamdaman nila. Hindi ko rin akalaing ganoon ang magiging report mo. Ngayon ay nasa isang mahalagang bahagi ka ng iyong buhay. Kailangang maunawaan mong mayroon kang mapagpipilian. Kung ipagpapatuloy mong sundin ang maling landas, bababa ang iyong mga grado at maa-apektohan ang resulta mo sa HSC at ang iyong pagkatanggap sa pamantasan.

CHRISTINA: Eh ano! Bale wala sa ‘kin ‘yan, at bale wala din sa mga magulang ko. May pansamantalang trabaho naman ako.

PRINCIPAL: Hindi totoo ‘yan. Mahal ka ng mga magulang mo. Alalahanin mo, hindi lang kasalukuyan ang dapat mong isa-isip, ngunit pati na rin ang kinabukasan. Kung magsisikap ka ay matatamo mo ang ano mang pangarap mo.

CHRISTINA: Susubukan ko pong paghusayan ang aking pagaaral at gagawin ko ang lahat ng takdang-aralin, kahit na napakaraming pinagagawa ng mga guro ko.

PRINCIPAL: Mabuti! Tiyak na hindi ka magsisisi.